4

# Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4

Kuwarter 3

Aralin

5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 3: Aralin 5 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Ethel Ronquillo-Burgos (Silliman University)

**Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran katuwang ang kapuwa upang makaiwas sa mga sakit. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pagpapanatili ng kalinisan katuwang ang kapuwa upang makaiwas sa mga sakit bilang tanda ng pagiging malinis. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naipakikita ang pagiging malinis sa pamamagitan ng pagtupad sa mga nakatakdang gawain ng paglilinis sa sariling tahanan at paaralan.**<br>1. Natutukoy ang mga situwasyon at paraan ng pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran katuwang ang kapuwa.<br>2. Napatutunayan na ang pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran katuwang ang kapuwa upang makaiwas sa mga sakit ay bahagi ng tungkuling pangalagaan ang sarili, ibang tao, at kapaligiran tungo sa malusog na katawan at isip.<br>3. Nailalapat ang mga paraan ng pagpapanatili ng kalinisan katuwang ang kapuwa upang makaiwas sa mga sakit. |
| **D. Nilalaman** | Pagpapanatili ng Kalinisan sa Kapaligiran Katuwang ang Kapuwa upang Makaiwas sa mga Sakit.<br>3. Mga Pamamaraan ng Pagpapanatili ng Kalinisan ng Kapaligiran<br>4. Mga Hamon na Maaaring Harapin sa Proseso ng Pagpapanatili ng Kalinisan ng Kapaligiran |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Kalinisan *(Cleanliness)* |
| **F. Integrasyon** | *Environment*: Kalinisan ng kapaligiran<br>*Science*: Mga Pamamaraan ng Pag-iwas ng sakit at pagpapanatili ng kalinisan |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**

*8 Ways to Keep the earth clean* | *response.restoration.noAa.gov*. (n.d.). https://response.restoration.noaa.gov/about/media/8-ways-keep-earth-clean.html

Chiamsakul, R. (2020, June 21). *Refuse 1use plastic*. Dreamstime. https://www.dreamstime.com/refuse-use-plastic-typographic-design-outline-flat-symbols-single-use-plastic-product-refuse-single-use-plastic-concept-image187820963

*Deforestation scene felled trees Nature Stock Vector (Royalty Free) 603192293 | Shutterstock*. (n.d.). Shutterstock. https://www.shutterstock.com/image-vector/deforestation-scene-felled-trees-nature-603192293

Del Castillo, F. A. (2013). Teaching Values Using Creative Strategies. Quezon City: Great Books Publishing

Department of Education (n.d.). MATATAG Curriculum: Good Manners and Right Conduct (GMRC) (Baitang 1-6) Values Education (VE) (Baitang 7-10)

Pawprint Family. (2020, March 11). *Play a game of newspaper islands - Pawprint Family*. https://pawprintfamily.com/activities/play-a-game-of-newspaper-islands/

RTS - Recycle Track Systems. (2024, February 20). *The Recycled Garden — Turning Waste into Wildflowers | RTS*. Recycle Track Systems. https://www.rts.com/blog/the-recycled-garden-turning-waste-into-wildflowers/

Studocu. (n.d.). *Baha Dulot sa Basura - Maikling Kuwento - BAHA DULOT SA BASURA Isinulat ni: Blaine Mia Igcasama Si - Studocu*. https://www.studocu.com/ph/document/university-of-san-jose-recoletos/komunikasyon-sa-akademikong-filipino/baha-dulot-sa-basura-maikling-kuwento/36259285

*The 5 R's: Refuse, reduce, reuse, Repurpose, recycle*. (n.d.-b). https://www.roadrunnerwm.com/blog/the-5-rs-of-waste-recycling

*The 6 R's of Sustainability: RECYCLE (blog 6/7) | ZeroWaste Center*. (n.d.). https://zerowastecenter.org/the-6-rs-of-sustainability-recycle-blog-6-7/18091/

Villanueva, V. M. (2018). #ABKD (AKO BIBOKASE DAPAT). Makati City: VMV11483 Book Publishing House

*What motivates people to protect nature? | 5 Answers from Research papers*. (n.d.-b). SciSpace - Question. https://typeset.io/questions/what-motivates-people-to-protect-nature-3hznzfwxh4

Yayimage. (n.d.). *Plastic bottle icon vector image recycling line litter vector PNG and Vector*. Pngtree. https://pngtree.com/so/plastic-bottles-ban


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br><br>**Pansimulang Gawain**<br><br>**#BALIK-TANAW. Pundasyon ang Nakaraan sa Matatag at Matibay na Patutunguhan**<br>Kumpletuhin ang mga pangungusap:<br><br>1. Ang mga sanhi o mga bagay na nag-uudyok sa akin at ng aking pamilya sa pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran ______________________________<br>______________________________<br>2. Mahalaga ang pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran ______________________________<br>______________________________ | Balikan ang nakaraang aralin. Hikayatin ang mag-aaral na ibahagi ang kanilang mga sagot sa pagkumpleto ng mga pangungusap. Pumili lamang ng 2-3 mag-aaral na magbabahagi sa klase.<br><br>Tandaan: Ang dalawang pangungusap na ito ay nagsisilbing buod sa nakaraang aralin na pinag-aralan. |

<table>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
1. Panghikayat na Gawain<br><br>
SURI-LARAWAN. Suriin ang mga larawan. Ibigay ang iyong opinyon at pagpapaliwanag sa mga detalye at mensahe ng larawan sa loob ng 2-3 pangungusap.<br><br>
<table>
<tr>
<td>
<br>
____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________</td>
<td>
<br>
____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________</td>
</tr>
<tr>
<td><br>
____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________</td>
<td>
<br>
____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________</td>
</tr>
</table>
</td>
<td>SURI-LARAWAN<br>Maaaring pumili ng kapareha upang magbahagi ang mga mag-aaral. Pagkatapos, pumili lamang ng 4 na mag-aaral upang magbahagi ng kanilang sagot sa bawat larawan.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**KWL Tsart.** Punan o sagutan lamang ang una at ikalawang hanay ng dayagram.

| **Tema: Pangangasiwa ng Basura o *Waste Management*** | | |
|---|---|---|
| Alam ko<br>*(What I **K**now)* | Nais kong Matutuhan<br>*(What I **W**ant to Know)* | Natutuhan ko<br>*(What I **L**earned)* |
| | | |

</td>
<td>

**KWL Tsart.** Punan o sagutan lamang ang una at ikalawang hanay ng dayagram.

</td>
</tr>
<tr>
<td>

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

</td>
<td>

**IKALAWANG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 3: Mga Pamamaraan ng Pagpapanatili ng Kalinisan ng Kapaligiran**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Ang mga pamamaraan ng pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran ay mahalaga sa maraming aspekto ng buhay. Ito ay hindi lamang naglalaan ng mga benepisyo sa

</td>
<td>

**Kaugnay na Paksa 3**

Ang layunin ng paksang ito ay upang maiugnay at mailapat ng mag-aaral ang kanilang natutuhan sa araling ito sa totoong buhay.

</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | kasalukuyang henerasyon kundi naglalagay rin ng pundasyon para sa pangmatagalang kalusugan ng kalikasan at ng mga tao na naninirahan dito.<br>Narito ang ilang madali at epektibong paraan na maaari nating piliin o gawin upang bawasan ang araw-araw nitong epekto at makagawa ng malaking pagbabago sa mundo:<br>1. Magdala ng mga *reusable* na bag sa *grocery store* o sa anumang ibang pag-aayos na may kinalaman sa pamimili upang bawasan ang paggamit ng *disposable* na mga bag.<br>2. Gumamit ng *reusable* na bote ng tubig. Ang paggamit ng *reusable* na bote ng tubig ay hindi lamang lubos na makakabawas sa dami ng *single-use plastic*, makakatipid rin ito sa gastos.<br>3. Tumanggi sa mga *single-use* na gamit. Tandaan kung gaano kadalas ka umaasa sa mga *single-use* na gamit at piliin na palitan ito ng mas *sustainable* na mga bersyon. Ang pagtanggi sa mga plastik na straw at *disposable* na kubyertos kapag lumalabas, at ang pagdala ng sarili mong lalagyan para sa natirang pagkain ay ilan sa mga paraan na maaari nating simulan ngayon.<br>4. Siguruhin na ang iyong basura ay napupunta sa tamang lugar. Gawin ang iyong makakaya upang tiyakin na ang iyong itinatapon na basura ay napupunta sa tamang lugar. I-*recycle* ang mga materyal na maaaring ma-*recycle* sa iyong lugar at tiyakin na mabawasan ang posibilidad na ang iyong basura ay mapunta sa kalikasan sa pamamagitan ng paglagay ng takip sa iyong lata ng basura kapag ito ay nasa labas.<br>5. Ang pagko-*compost* sa bahay ay nagpapabawas ng dami ng basura na ipinapadala sa mga *landfill* at nagpapababa ng tsansa na maging *marine debris* ang ilang produkto.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**#TALAKARANASAN. Tala at Usapan Tungo sa Mabunga at Makabuluhang Ugnayan at Talakayan**<br><br>Magbigay ng tatlong aktibidad na naranasan mong gawin kasama ang inyong pamilya at mga kamag-aral para mapanatili ang kalinisan ng sumusunod:<br><br>Tahanan:<br>1. ______________________<br>2. ______________________<br>3. ______________________<br><br>Paaralan:<br>1. ______________________<br>2. ______________________ | Maaaring dagdagan pa ang mga pamamaraan ayon sa konteksto o lokasyon na kinabibilangan ng mag-aaral. Bigyan ng diin kung bakit ito dapat nating gawin; upang magkaroon tayo ng malinis na kapaligiran at makaiwas sa mga sakit dulot ng maruming kapaligiran.<br><br>**#TALAKARANASAN**<br>Ang gawaing ito ay tumutulong na iugnay ang sariling karanasan sa paksang pinag-uusapan upang maintindihan nilang lubos ang aralin at kung paano nila ito maisasakatuparan sa tunay na buhay araw-araw. |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. ______________________________________________<br><br>Tanong: Mahalaga ba na katulong ang bawat kasapi ng pamilya at paaralan sa pagpapanatili ng kalinisan? Bakit?<br>______________________________________________<br><br>**#TALASAPAN. Tala at Usapan Tungo sa Mabunga at Makabuluhang Ugnayan at Talakayan**<br><br>Basahin ang kuwento. Batay sa kuwento, bumuo ng sariling kahulugan sa mga ibinigay na mga salita sa unang hanay. Sa ikalawang hanay, sagutin ang mga tanong na nakapaloob dito.<br><br>Maikling Kuwento: **Baha Dulot Sa Basura**<br>Isinulat ni: Blaine Mia Igcasama<br><br>Si Henry ay mahilig magrumi sa kapaligiran. Hindi niya iniisip na masama ang kaniyang ginagawa. Tapon doon, tapon dito, iyan ang lagi niyang ginagawa araw-araw. Kahit na pinapagalitan siya ng kaniyang ina ay hindi pa rin siya sumusunod dito na huwag magkalat. Palibhasa'y may katulong silang laging inuutusang maglinis ng kalat sa loob at sa labas ng kanilang pamamahay. Dumating ang panahong kailangang umuwi ang kanilang kasambahay sa probinsiya at walang ibang katulong ang pumalit dito. Kaya obligado si Henry na gawin ang mga utos sa kanilang pamamahay sa loob o sa labas man. Isang umaga ipinatapon nang kaniyang ina ang sako-sakong basura sa may eskinita kung saan doon kinukuha ng mga basurero ang mga basura. Ngunit dahil sa pagiging tamad ni Henry, itinapon niya ito sa likod ng kanilang bahay kung saan may ilog doon. Hindi alam ng ina ni Henry ang kaniyang ginawa kaya hindi siya napagalitan nito. Isang gabi, habang si Henry ay mahimbing na natutulog, napakalakas na ulan ang humagupit sa kanilang bayan hanggang sa bumaha. Pumasok sa loob ng kanilang bahay ang tubig at ang iba't-ibang klase ng mga basura. Nagulantang ang ina ni Henry sa nangyari, siya ay nalito kung bakit may mga basurang nagkalat sa loob ng kanilang bahay kung ipinatapon niya ito. Kaya pinuntahan niya ang kaniyang anak at tinanong kung saan nito itinapon ang sako-sakong basura. Sinabi ni Henry ang katotohanan na sa ilog niya itinapon ang mga basura. Kaya nagalit ang kaniyang ina at sinabihan itong linisin ang basura mag isa. Napagtanto ni Henry na mali ang kaniyang ginawa kaya sinabi niya sa sarili na hinding-hindi na niya iyon gagawin at magiging responsable na siya. | **#TALASAPAN**<br>Sa estratehiyang ito, mapapalalim ang kaalaman ng mag-aaral na maging mapanuri sa iba't-ibang pamamaraan ng pagpapanatili ng kalinisan ng ating kapaligiran.<br><br>Maaaring dagdagan ang mga hamong ito depende o ayon sa konteksto ng mag-aaral. |

| TALA: Salita't Kahulugan | USAPAN: Talakayan |
|---|---|
| Halimbawa:<br><br>Kapaligiran – ay tumutukoy sa lahat ng natural na bahagi ng mundo na nasa paligid ng isang tao, hayop, halaman, o bagay. | Ano ang dapat gawin natin sa ating kapaligiran?<br><br>Ang simpleng hakbang ng tamang pagtapon ng mga basura ay maaaring makatulong upang mapanatili at mapabuti ang kalagayan ng ating kapaligiran. |
| Basura – | Ano ang tamang pagtapon ng basura? |
| Baha – | Ano sa palagay mo ang mga dahilan ng pagbaha? |
| Responsable – | Bakit kinakailangang maging responsable tayo sa pagtapon ng ating mga basura? |
| Kalinisan – | Gaano ka importante sa iyo ang kalinisan ng ating kapaligiran? |

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**#SURINAWA. Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Bakit mahalagang malaman natin ang iba't-ibang pamamaraan ng pagpapanatili ng kalinisan ng ating kapaligiran? ____________________<br>2. Magbigay ng isang konkretong gawain na maiaambag mo sa pagpapanatili ng kalinisan ng ating kapaligiran. Paano mo ito gagawin? ____________________<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 4: Mga Hamon na Maaaring Harapin sa Proseso ng Pagpapanatili ng Kalinisan ng Kapaligiran**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ang mga hamon na maaaring harapin sa proseso ng pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran ay hindi madali. Kinakailangangan ang kolektibong pagkilos kasama ang kapuwa, iba't-ibang sektor at organisasyon, at edukasyon sa pagtatagumpay sa pagpapanatili ng kalinisan ng ating kapaligiran. Ang sumusunod ay maaaring mga hamon:<br>1. Ang kakulangan ng sapat na kaalaman at kamalayan sa kahalagahan ng pangangalaga sa kapaligiran ay maaaring maging hadlang sa pagpapalaganap ng mga programa para dito.<br>2. Ang hindi sapat na pondo para sa mga proyektong pangangalaga sa kapaligiran, tulad ng *recycling* at pamamahala ng basura, ay maaaring maging hadlang sa matagumpay na pagpapatupad ng mga hakbang.<br>3. Ang ilegal na pagmimina ng likas na yaman, gaya ng ilegal na pagputol ng kahoy at minerya, ay nagdudulot ng pinsala sa kalikasan at maaaring magdulot ng pagkakaroon ng problema sa pangangalaga sa kalinisan.<br>4. Ang hindi paggamit o kawalan ng teknolohiya para sa epektibong pamamahagi ng impormasyon tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran ay maaaring maging sagabal.<br>5. Ang hindi maayos o kakulangan ng koordinasyon sa pagitan ng iba't ibang sektor at ahensya ng lipunan ay maaaring magbunga ng hindi epektibong pangangasiwa sa kalinisan ng kapaligiran.<br>6. Ang hindi pagpapahalaga sa kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan sa mga patakaran ng pamahalaan at komunidad ay maaaring maging hamon sa pangmatagalang pagpapabuti.<br>7. Ang pangangailangan sa pang-ekonomiyang pag-unlad at komersyalisasyon ay maaaring maging sagabal sa pagpapanatili ng kalinisan, lalo na kung may mga | **Kaugnay na Paksa 4**<br>Ang layunin ng paksang ito ay upang maunawaan ng mag-aaral ang mga hamon na maaaring harapin sa proseso ng pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran. Ito ay nangangahulugan na dapat magkaroon tayo ng mga paghahanda. |

industriya na hindi sumusunod sa mga patakaran para dito.
8. Ang epekto ng *climate change*, tulad ng pagtaas ng temperatura at pag-ulan, ay maaaring magdulot ng mas malupit na pagsubok sa pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran.
9. Ang kakulangan ng edukasyon tungkol sa mga paraan ng wastong pangangalaga sa kalikasan at kahalagahan nito ay maaaring maging hadlang sa aktibong pakikiisa ng komunidad.
10. Ang kawalan ng interes ng ilang sektor ng lipunan sa pangangalaga ng kapaligiran ay maaaring maging hamon sa pagsasagawa ng mga proyektong pangangalaga.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain: #ISLOGAN. Talas ng Wika, Mensaheng Mabisa**

Ang islogan ay isang maikli at madalas ay *catchy* na pahayag o pangungusap na naglalaman ng mensahe o layunin. Gumawa ng islogan na naaayon sa temang hamon na maaaring harapin sa proseso ng pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran.

Rubriks:

| Batayan | Napakahusay<br>8-10 | Maayos<br>5-7 | Nangangailangan ng Tulong<br>1-4 | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| **Kaayusan ng Islogan** | Mahusay ang ginawang pagkakaayos ng nilalaman, guhit ng larawan, at disenyo. Nagbibigay ng magandang impresyon at kaakit-akit sa paningin. | Katamtaman ang ganda ng ayos at disenyo ng binuong islogan. | Hindi maayos ang pangkalahatang dating ng islogan. | |
| **Mensahe ng Islogan** | Makahulugan ang bawat mensahe. | Maganda ang islogan, wala itong kirot sa puso. | Walang kaugnayan ang islogan sa paksang tinalakay. | |

**#ISLOGAN**
Ang estratehiyang ito ay mabisa para maihayag ng mag-aaral ang sarili nilang saloobin at maipakita ang kanilang kakayahan sa malikhaing pamamaraan.

Maaaring hatiin ang klase sa tatlo o apat na pangkat.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | May kaugnayan sa paksang tinalakay. | | | |
| **Gamit ng Wika** | Lohikal at magkakaugnay ang mga salitang ginamit sa pagbuo ng islogan. | Hindi gaanong lohikal at magkakaugnay ang mga salitang ginamit sa pagbuo ng islogan. | Hindi lohikal at magkakaugnay ang mga ginamit na salita sa pagbuo ng islogan. | |
| **Kasini-ngan at Pagkama-likhain** | Masining at nakamamangha ang islogan. | Maganda ang islogan. | Nangangailangan ng pagbabago ang islogan. | |
| **Kabuoan** | | | | |

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**#SURINAWA. Pagsusuri at Pag-unawa, Marapat Pagtagpuin at Hindi Paghiwalayin**

Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

1. Bakit kinakailangan na malaman natin ang mga hamon na maaaring harapin sa proseso ng pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran?
2. Sa palagay mo, ano ang pinakamalaking hamon para sa iyo para makatulong ka sa pagpapanatili ng kalinisan ng ating kapaligiran?

**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

**1. Pabaong Pagkatuto**

**Gawain: #ANG TANONG, ANG SAGOT. Isip ang Gamitin, Ugnayan ang Kapalit**

Sa pamamagitan ng mga larawang ito, bumuo ng isang tanong at isang sagot batay sa paksang "Pamamaraan Para Mapanatili Ang Kalinisan Ng Kapaligiran Upang Makaiwas Sa Sakit."



1. Ang tanong: ______________________________
2. Ang sagot: ______________________________

**#ANG TANONG, ANG SAGOT**

Halimbawang sagot:

1. Ang tanong: Paano natin masosolusyunan ang problemang dulot ng itinapong basura sa dagat?

Ang sagot: Una sa lahat, kailangang magkaroon tayo ng disiplina sa sarili. Kailangan paigtingin ang pagbibigay ng edukasyon na ang problemang

| | | |
|---|---|---|
| | <br>1. Ang tanong: ______________________________<br>2. Ang sagot: ______________________________<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**Gawain: #SULATRILI. Liham sa Sarili, Hangad ay Mapabuti**<br>Gumawa ng liham para sa sarili na naglalaman ng sariling pagninilay sa mga nagawang mali sa pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran at pangako na gagawin ang nararapat at tama.<br> | ganito ay nagdudulot ng maraming sakit sa tao, kalikasan, at iba pang nilalang. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Tama o Mali: Bilugan ang "T" kung Tama at "M" kung Mali. (1 punto bawat tanong). | **Mga tamang sagot:**<br>1. T<br>2. M |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">1. [T/M] Sa pamamahala ng basura tulad ng recycling, kailangan ang sapat na pondo para sa mga proyektong pangangalaga sa kapaligiran.<br>2. [T/M] Ang paggamit ng teknolohiya o social media ay hindi epektibo sa pamamahagi ng impormasyon tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran.<br>3. [T/M] Kinakailangan nating sundin ang mga patakaran ng pamahalaan at komunidad sa pangangalaga ng kapaligiran.<br>4. [T/M] Ang epekto ng climate change tulad ng pagtaas ng temperatura at pag-ulan ay maaaring magdulot ng mas malupit na pagsubok sa pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran.<br>5. [T/M] Ang pagtanggi sa mga plastik na straw at disposable na kubyertos kapag lumalabas at ang pagdala ng sarili mong lalagyan para sa natirang pagkain ay ilan sa mga paraan na maaari nating simulan ngayon.</td>
<td>3. T<br>4. T<br>5. T</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5"></td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td>
<td></td>
</tr>
</table>